

Highest honors!
#KaJomaLIVES

# The Liga ng Agham para sa Bayan gives our highest salute to Ka Joma Sison!




**HIGHEST SALUTE** Members of Liga ng Agham para sa Bayan, revolutionary organization of scientists and technologists, paid tribute and respect to Professor Jose Maria Sison, founding chairman of Communist Party of the Philippines.

The Liga ng Agham para sa Bayan gives our highest salute to Ka Joma Sison!

As he passed away, together with the Filipino people, we celebrate his deep understanding and contribution to Philippine society and revolution, resistance against imperialism, and the cause for change for a better world.

Ka Joma lives with each one who continues to understand the country's chronic problems and strives to change it towards a just and lasting peace.

We take to heart his particular contributions to understanding the role of science and technology and social change in his writings in Stand for National Democracy, Technology and Poverty from the Viewpoint of the Third World and his various statements on science, technology, and the climate crisis. His discussions on understanding dialectical and historical materialism, the role of technology and progress, socialism, and climate change are always a guide for us on how to look at the rapid progress in the world today and the role of scientists and technologists therein.

JMS reminded us how we should use science and technology to develop society, improve quality of life, and protect the environment. We echo his call for science and industry to contribute directly in the people's struggle for national liberation and democracy. He reminded us that the people would have certain policy and practical needs for knowledge and skills in science and technology in the countryside and urge us to join the revolutionary movement.

We respond by celebrating his teachings and strengthening our resolve to contriubute to the continuing development of the revolutionary mass movement and armed struggle in the countryside.

Long live Ka Joma! #KaJomaLives in the hearts of the Filipino people fighting for national liberation and democracy!


# Agham Bayan

AGHAM AT TEKNOLOHIYA PARA SA REBOLUSYON

Published by the
Liga ng Agham para sa Bayan

December 2022
JMS Tribute Edition


CONTENTS


2 The Liga ng Agham para sa Bayan gives our highest salute to Ka Joma Sison!

3 Pinakamataas na pagpupugay kay Ka Joma, mula sa LAB - Manuel Dorotan

3 *Sa bawat tapak*
Tula ni Ka Berdett

4 Sa pagpanaw ni Ka Joma: Mangahas, mag-organisa, at higit na labanan ang mapandambong, pasista, kurap at pahirap na Rehimeng US-Marcos!


## Agham Bayan

*Agham Bayan is published by the Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) for the purpose of raising the political and social consciousness of Filipino scientists and technologists regarding the issues and problems affecting Philippine science and society. It is committed to the promotion and use of science in the service of the Filipino nation and people. It espouses the cause of national freedom and democracy*

## Pinakamataas na pagpupugay kay Ka Joma, mula sa LAB - Manuel Dorotan

Pahayag ng LAB - Manuel Dorotan, Disyembre 17, 2022

Mapulang pagbati sa lahat ng mga magigiting na rebolusyonaryo mula LAB- Manuel Dorotan!

Sa gabing ito ng ating pagtitipon, muling nagluluksa ang sambayanang Pilipino sa pagkawala ng isang dakilang guro at gabay, ang gerilya at makatang si Ka Joma. Mula sa kanyang pagkakatatag ng Partido at ng Hukbo, sa kanyang paglaban sa rehimeng Marcos Sr., hanggang sa kanyang pagpapatapon sa ibayong dagat, patuloy ang kanyang pagsilbi sa masang Pilipino at ang kanyang paggabay sa proletaryado sa pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba.

Hindi pa rin nawawala ang pagkabihag ng sambayanang Pilipino sa kamay ng mga imperyalista't naghaharing uri. Kung kaya't nawala man si Ka Joma, hindi pa rin nawawala ang pagnanais ng sambayanang Pilipino na makawala mula rito.

Bilang mga siyentista, paano natin maisasabuhay ang mga aral ni Ka Joma? Nararapat lang na panatilihing buhay ang kanyang ala-ala sa patuloy na pagsulong ng ating dakilang rebolusyon. Paano tayo makakaambag dito? Sa masikhay nating pag-oorganisa at pagpapakilos.

Sa kabila ng napakaraming pagsubok na kinaharap ng mga kabataan sa sektor ng mga siyentista at maka-kalikasan, marami pa rin tayong napagtagumpayan sa loob ng isang taon. Sa mga balangay at selula ng LAB sa hanay ng mga kabataan, unti-unti tayong nakapagpamulat at nakapagpakilos ng mga kabataang siyentista't makakalikasan upang makagampan ng iba't ibang tungkulin para sa digmang bayang inilulunsad ng sambayanan. Nakapagpalawak tayo ng kasapian sa ating mga hayag at lihim na kilusang masa, kung kaya't nadagdagan din ang ating mga selyula ng mga organisasyong lihim. Nakapaglunsad din tayo ng mga propaganda sa social media at nag-ambag ng artikulo sa Agham Bayan patungkol sa mga maiinit na isyu katulad ng edukasyon, klima, at kampanyang anti-Marcos. Naging magandang praktika rin ang ating regular na pagdaraos ng mga aralin sa kursong PADEPA para mapatapos at mapagpaturo natin ng mga kurso sa PADEPA ang ating mga kasapi. Nakapagbigay din tayo ng suportang pinansyal sa ating mga pulang mandirigma sa kanayunan para matugunan ang ilan sa kanilang mga pangangailangan.

Tuloy ang paglaban ng mga kabataang siyentista at maka-kalikasan ng bayan. Hindi dapat tayo makalimot sa ating dakilang tungkulin—ang pagtataguyod ng agham at teknolohiya para sa demokratikong rebolusyong bayan. Sa susunod na taon, naninindigan ang mga kabataan ng LAB na paghusayan pa ang aming mga kampanya at pagpapalawak. Ipagpatuloy namin ang pagmumulat, pag-organisa, at pagpapakilos sa aming mga kapwa kabataang siyentista at maka-kalikasan, nang sa gayon ay maihanda namin sila sa paglahok sa digmang bayan sa kanayunan. Sa paraang ito mapagpupugayan at maisasabuhay natin ang mga aral ni Ka Joma, sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, upang makamit natin ang paglaya ng sambayanang Pilipino.

Hindi pa tayo tapos. Tuloy ang laban! Mga kabataang siyentista at maka-kalikasan ng bayan, sulong hanggang sa tagumpay.

Mabuhay si Ka Joma! Mabuhay ang lahat ng martir ng sambayanang Pilipino. Mabuhay ang pambansang demokratikong rebolusyon!

*Tula ni Ka Berdett*

### *Sa bawat tapak*

*Sa bawat tapak, patak ng dugong dumadagundong sa kanayunan,*
*Sa kada hiyaw, sumasabay sa ihip ng hangin,*
*Ang diin natin dito, sa inyo, sa ating lahat: paglingkuran ang masa! Ang masa, ang masa,*
*Mula bara hanggang bala hanggang butil ng bigas,*
*ialay ang lahat hanggang sa alay 'sing bigat ng Bundok Apo't maramdaman mula sa pinakatuktok hanggang sa kaapu-apuhan sa wakas.*

*Sa lakas at kahinaan, sa isang rebolusyong may mahabang kasaysayan, ang ating panawagan: lupa, hustisya, kalayaan. Itong nagbabagang ganti na walang gantimpala kundi pagkalaya ng bayan – walang ibang inaasam. Sa talas ng teorya, hindi salat sa alat o lasa o sa tala't gabay sa teritoryong mapanganib at mapang-api. Ito ang katas ng limang dekadang praktikang 'di magagapi.*

*At sa muli:*
*Sa tapak at patak ng dugo ng hukbo,*
*Sa kada hiyaw na uma-ayaw sa sistemang kinakalawang,*
*Sa pagkontra-agos sa ilog,*
*Sa taób at kâti ng kilusan,*

*Mabuhay ang pambansang demokratikong rebolusyon, mabuhay ang sambayanang lumalaban!*

## Sa pagpanaw ni Ka Joma: Mangahas, mag-organisa, at higit na labanan ang mapandambong, pasista, kurap at pahirap na Rehimeng US-Marcos!

Pahayag ng mga maka-kalikasang kasapi ng NDFP, Disyembre 17, 2022

Sa tanglaw ng mga aral at ipinakitang ehemplo ni Ka Joma, higit tayong maging mapangahas at lumaban sa harap ng tumitinding pandarambong sa kalikasan at krisis ng lipunang Pilipino!

Pagtaas ng bilihin, kawalan ng trabaho, at abuso sa karapatang pantao ang pambungad sa mamamayang Pilipino nang maupo ang Tambalang Marcos-Duterte sa Malacañang. Nanalo ang dalawa sa pamamagitan ng malawakang pandaraya, pekeng balita, pagbabago sa kasaysayan at ma-anumalyang sistema sa eleksyon. Sa ilalim ng bagong rehimen, tuloy-tuloy na tumaas ang presyo ng mga pangunahing bilihin na inaarayan nang masang anakpawis. Sa kabilang banda ay nagpapasasa sa yaman ng bansa sina Marcos at Duterte. Tuloy ang mga parti at kasiyahan ng mga Marcos, at marangyang paggamit sa kagamitan ng pamahalaan ni Sara.

Matunog rin ang iba't ibang mga proyektong nakasisira sa ating kapaligiran na ipinagpapatuloy ng administrasyong Marcos -- proyektong reklamasyon sa Manila Bay, malakihang pagmimina sa Romblon, Nueva Vizcaya, South Cotabato at iba pang probinsya, konstruksyon ng Kaliwa-Kanan Laiban dam at marami pang iba. Sa ngalan ng tubo at kita, naging kabayaran dito ang daan-daang mga buhay, libo-libong pag-aari at bahay, at mga nasirang kabuhayan na nasasalanta ng mga trahedya at sakuna dahil sa pag-ubos ng ating likas yaman at pagkawasak sa ating kalikasan. Parehas pinagsisilbihan ng tutang rehimeng Marcos ang imperyalistang US at China na naglalatag ng daan sa pandarambong, mga paglabag sa karapatang pantao, at pagkawala ng mga kabuhayan ng mga Pilipino para sa ganid na interes.

Walang ibang dapat patunguhan ang bayang Pilipinas kundi ang rebolusyonaryong landas. Ang pagpaplakas ng mga pakikibakang bayan laban sa mga dambuhalang korporasyon na sumisira ng kapaligiran at nagpapalayas sa mga komunidad ng katutubo at magsasaka. Ang mga tanggol-kalikasan ay dapat tumulong sa pag-oorganisa sa mga gitnang uri upang mapalahok sila sa pakikibaka ng masang api at paglaya ng sambayan. Malaking tulong ito sa paglawak at pagdami ng mga taktikal na opensiba ng BHB.

Itinataas naming mga tanggol-kalikasan ang hamon ng pangangalaga sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagsapi sa BHB. Dito'y direktang malalabanan ang mga sumisira't dumadambong sa likas yaman ng Pilipinas at sa mga protektor nitong mga AFP at PNP. Kasama ng malawak na masang inaapi, magmamartsa ang aming hanay tungo sa kanayunan, kasamang ipagtatagumpay ang matagalang digmang bayan at wawasakin ang imperyalismo at lahat ng interes nito! ###




# Call for Submissions

*Inaanyayahan namin ang mga syentista na mag-ambag ng kanilang mga sulatin, artikulo, tula, dibuho sa Agham Bayan. Maaari ninyong ipadala sa editorial board sa email na* **aghambayan@protonmail.com**


Jose Maria Sison
REBOLUSYONARYO.
BAYANI NG MAMAMAYANG
PILIPINO